



**REPUBLIKA NG PILIPINAS**  
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**  
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-327**

**KAPASIYAHAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PUNONGLUNGSOD, MGGL. IGNACIO R. BUNYE, NA PALAWIGIN ANG KASUNDUAN NG PAGHAHAKOT AT PAGTATAPON NG BASURA SA RED FOX TRUCKING SERVICES NG ISANG BUWAN SA HALAGANG APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00).**

\*\*\*\*\*

Ipinanukala ng : Komite ng Aproprasyon at  
Komite ng Pangkalusugan at Sanitasyon

\*\*\*\*\*

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon ng maayos at malinis at may wastong sanitasyon na pamayanan at mga malulusog na mamamayan ay isa sa pangunahing layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa. upang maisakatuparan ang layuning ito. ay nagsagawa ng pagpili ng isang kwalipikadong kontratista na siyang magpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng buong kapaligiran ng Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagkakaloob ng serbisyong pangungolekta. paghahakot at pagtatapon ng basura:

**SAPAGKAT**, sa ginanap na pampublikong tawaran sa pagpili ng kwalipikadong kontratista na makapagsasagawa ng pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan ng Muntinlupa. ang kontrata ay iginawad sa **RED FOX TRUCKING SERVICES**;

**SAPAGKAT**, ang kontrata ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa **RED FOX TRUCKING SERVICES** ay natapos na;

**SAPAGKAT**. ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay hindi pa nakakapili ng kontratista na makapagbibigay ng panibagong serbisyo ng paghahakot at pagtatapon ng basura at kasalukuyan pang isinasagawa ang proseso ng pagpili at paggagawad ng kontrata dito;

**SAPAGKAT**. upang hindi mabalam ang pagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan at mapanatili ang kalinisan ng kalunsuran. ang **LUPON NG PREKWALIPIKASYON, PAGTATAWARAN AT PAGGAGAWAD** ay nagrerekomenda na palawigin ang kontrata ng **RED FOX TRUCKING SERVICES** upang ipagpatuloy ang paghakot at pagtatapon ng basura:

**SAPAGKAT**. ang paglagda ng Punonglungsod sa kontrata bilang kinatawan ng Pamahalaang Lungsod ay nangangailangan ng pagbibigay ng Sangguniang Panglungsod ng kapangyarihan para dito:

**NGAYON, DAHIL DITO**. pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pahintulutan, na ngayon ay pinahihintulutan ang Punonglungsod. Mgg. Ignacio R. Bunye. na palawigin ang kasunduan ng paghahakot at pagtatapon ng basura sa **RED FOX TRUCKING SERVICES** para sa buwan ng Nobyembre, 1996, sa halagang **APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00)**.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika-04 ng Nobyembre 1996 sa ginanap na ika-61 Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**  
Konschal

**KGG. RAFAEL R. ARCHAGA**  
Konschal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**  
Konschal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**  
Konschal



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA


**Sangguniang Panglungsod**

*Pahina -2-*

*Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-327*


  
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**  
Konsehal


  
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**  
Konsehal


  
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**  
Konsehal


  
**KGG. REY E. BULAY**  
Konsehal


  
**KGG. ROMAN E. NIEVES**  
Konsehal

  
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**  
Konsehal

  
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**  
Konsehal

  
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**  
Konsehal


  
**KGG. VICENTE Y. CHUA**  
Kinatawan ng Sektor  
Pangulo  
Asosasyon ng Punong Barangay

  
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**  
Kinatawan ng Sektor  
Pangulo  
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Pinatotohahan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

  
**NESTO M. GUICO**  
Kalihim  
SANGGUNANG PANGLUNGSOD

**PINATUNAYAN:**

  
**KGG. JAIME R. FRESNEDI**  
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

  
**KGG. IGNACIO R. BUNYE**  
Punonglungsod

Petsa: 11/18

